IMMACULADA

Parokya ng Immaculada Concepcion
Pto Rivas, Balanga City
Tel. No. 237-0207

Vol l, Isyu 3
December 2006

Bakit Nagbibinyag ng Sanggol ang Katoliko?

Ang Sakramento ng Binyag ay panlabas na tanda ng panloob na biyaya bunga ng pagtanggap natin kay Hesus bilang Panginoon at Tagapagligtas. Ipinagkaloob ito sa mga bata, sa may sapat na gulang at sa mga matanda. Kailanman ay hindi ipinagkakait ang Binyag sa mga bata. **Gawa 2:38-39** Sumagot si Pedro, "Pagsisihan ninyo't talikuran ang inyong mga kasalanan at magpabautismo kayo sa pangalan ni Hesukristo upang kayo'y patawarin; at ipagkakaloob sa inyo ang Espiritu Santo.Sapagkat ang pangako ay para sa inyo at sa inyong mga anak, at sa lahat ng nasa malayo, sa bawat taong tatawagin ng ating Panginoong Diyos."

Nang panahon ni Hesus, ang tuli ay pagtatalaga sa Diyos. Ang tuli ay isinasagawa ika-8 araw pagkapanganak. Pinalitan ito ng mga Apostol sa pamamagitan ng Binyag. **Col. 2:ll-l2** 'Sa pamamagitan din ni Kristo, kayo'y tinuli hindi ayon sa laman kundi ayon sa Espiritu. Sa pamamagitan ng bautismo, nailibing kayong kasama ni Kristo at muli rin kayong nabuhay na kasama niya dahil sa inyong pananalig sa kapangyarihan ng Diyos na muling bumuhay sa kanya."

Sa Bagong Tipan, ang Binyag ay tinatanggap ng buong pamilya kabilang ang mga bata at may sapat na gulang. Kailanman ay hindi ipinagkait ang Binyag sa mga bata: Ako nga rin pala ang nagbautismo sa pamilya niEstefanas." (l Cor.l:l6) "Si Crispo, na tagapamahala ng Sinagoga, at ang kanyang sambahayan ay nananalig rin sa Panginoon. Marami pang taga-Corinto na nakinig kay Pablo ang sumampalataya at nagpabautismo." (Gawal8:8)

Iniutos ni Hesus na kailangang mabinyagan upang mapabilang sa kanyang kaharian. Juan 3:5 "Pakatandaan mo: malibang ang isang tao ay ipanganak sa pamamagitan ng tubig at ng Espiritu, hindi ito makakapasok sa kaharian ng Diyos." Ito ang kalooban ni Hesus na dapat nating tupdin. Huwag ipagkait ang kaharian ng Diyos sa mga bata.

Marcos l0:l4 "Hayaan ninyong lumapit sa akin ang mga bata, at huwag ninyo silang pagbawalan, sapagkat ang mga katulad nila ang mapapabilang sa kaharian ng Diyos."

Paanong makapagpapahayag ng pananampalataya ang bata bago tanggapin ang Binyag? – Tandaan lamang na ang pananampalataya ay kaloob ng Diyos at hindi nakakamit lamang matapos mag-aral ng doktrina. Marcos 2:2-5; Mateo 8:l3 *

GABAY

Mahalaga na alam natin ang bunga ng pagkaunawa ng layunin sa ating buhay. Ang pamumuhay ng may layunin ay nagbibigay ng malinaw na tahakin sa buhay:

l. **Ang pagkaunawa ng layunin ay nagbibigay ng kahulugan sa buhay.** Kung walang layunin, ang buhay ay walang kahulugan. At kung walang kahulugan, walang kabuluhan at pag-asa ang buhay. Malaking trahedya ang buhay na walang layunin sapagkat nagbibigay ito ng pag-asa. Ang pag-asa ay kasing halaga ng hangin at tubig sa iyong buhay. Kailangan mo ng pag-asa para mapagtagumpayan ang anumang bagay. Kung naramdaman mo na ang mawalan ng pag-asa, huwag kang sumuko. Kahanga-hangang mga pagbabago ang mangyayari sa buhay mo kapag nagsimula kang mamuhay nang may layunin. Gawin mong layunin ng buhay ang pagbibigay.

2. **Ang pagkaunawa ng layunin ay magpapagaan ng buhay.** Malalaman mo agad kung ano ang gagawin mo at kung ano ang hindi.Magiging batayan mo sa pagsusuri kung aling mga gawain ang kinakailangan at alin ang hindi. Kung wala kang malinaw na layunin, wala kang pundasyong pagbabatayan ng desisyon, paglalaanan ng oras at paggagamitan ng yaman. Miyembro na ng Apostolado ng Panalangin, CWL pa, miyembro din ng COMI, at Ledion of Mary din. Marahil hindi naman talaga alam kung ano ang layunin ng samahan. Ang mga taong hindi alam ang kanilang layunin ay nagpupumilit na makagawa ng sobrang daming mga bagay. Ang bunga nito'y tensiyon o stress, matinding pagod at pag-aaway. Hangarin mong maging mapagbigay at gawing layunin ng buhay, nang ikaw ay magtagumpay.

3. **Ang pagkaunawa ng layunin ay nagbibigay ng pokus sa buhay.** Ang lahat ng iyong pagsisikap at lakas ay masesentro kung ano ang tunay na mahalaga, maiiwasan ang paikut-ikot nang mabilis pero wala namang pinupuntahan. Magpapabagu-bago ng direksyon, trabaho, relasyon at maging pananaw kung hindi malinaw ang layunin sa buhay. Sa simula't simula, ang ating Diyos ay busilak sa pagbibigay, kaya't dapat nating tularan upang ang ating buhay ay pumalaot na tunay. Sinasabi natin sa kanta: ang mabuhay sa pag-ibig ay pagbibigay ng 'di nagtatantya ng halaga… Kung gusto mo ng buhay na may kapangyarihan, ipokus mo ito. Huwag mong piliting gawin ang lahat, kung hindi, ito ay magiging palabas.

4. **Ang pagkaunawa ng layunin ay nagbibigay ng motibasyon sa buhay.** Nagbubunga ng labis na sigla at sigasig ang buhay na mapagbigay kung ito ay layunin ng iyong buhay. Pati ang simpleng pagbangon sa umaga ay nagiging makulay at buhay. Ang walang kabuluhang pagtatrabaho, hindi ang sobrang pagtatrabaho, ang siyang pumapagod sa atin, umuubos ng ating lakas, at nagnanakaw ng ating kagalakan. Ibuhos mo ang iyong sarili sa pagbibigay at ito ay magiging malakas na puwersa ng buhay. *



Altar ng Ating Simbahan

O Kay Ganda…

Kung iyong pagmamasdan, napakaganda nitong ating altar, puno ng pitagan at tanda ng pagkilos ng pananampalataya. Sa pamamagitan ng pagtulad kay Maria, tayo ay ihahatid sa Panginoong Hesus, ang siyang larawan at pagkaka-ayos nito.

Kung ikaw ay may pagkakataon, ito ay iyong lapitan, nang iyong makita, pagkasira ay nasa likod pala, mga anay ay inubos na ang ating Altar na ubod ng ganda.

Hahayaan na lamang ba natin na ito ay may bakas ng anay, tutal mahirap naman ang buhay, at mahirap ngayon ang gumasta sapagkat buhay ay napakabigat na. Harinawa, tayo ay magtalaga, kahit kaunting halaga, kapag pinagsama-sama, anuman ay maisasalba. *

Kabanalan ng Kaparian. . . . .

Kabanalan ng Sambayanan.

PAGBABALIK LOOB

Magbalik-loob at makipagbalik-loob ang mahalagang epekto ng Banal na Eukaristiya bilang "Sakramento ng pag-ibig, isang tanda ng pakikipagkaisa". Nang hindi pinapalitan bahagya man ang Sakramento ng Pagbabalik- Loob, ang Eukaristiya, kung gayon, ang bumubuo ng pangunahing karaniwang paraan ng pagbabalik-loob sa Simbahan. Pinagtitipon tayo nito sa paligid ng hapag ng Panginoon, pinag-iisa tayo sa pagbabahagi ng pagkain at inumin sa banal na salu-salo na inihanda ng mismong nag-anyaya, si Kristo. Kung gayon, ang Eukaristiya'y nagtuturo sa ating masugid na magmahal sa kapwa. Sapagkat kung pantay mna inialay ni Kristo ang kanyang sarili sa bawat isa, ipinapakita nito ang halaga ng bawat tao, an gating mga kapatid, sa mga mata ng Diyos. Sa pamamagitan nito, lumalalim ang kamalayan natin sa dangal ng bawat tao. . . siyang nagiging dahilan ng ugnayan natin sa ating kapwa. * (KPK l7l9)

Iba't Ibang Anyo ng Presensya ni Kristo

Sa loob mismo ng pagdiriwang ng Eukaristiya, si Kristo ay tunay na presensya sa mismong pagtitipon ng mga taong nagkakasama sa kanyang pangalan, sa katauhan ng ministro, sa kanyang Salita (sapagkat siya'y nagsasalita kapag binabasa ang banal na Kasulatan) at sa katunayan, sa kabuuan at walang maliw sa anyo ng tinapay at alak. Ang presensya ni Kristo sa konsagradong tinapay at alak ay tinaguriang totoo, hindi sa paraang tinatalikdan ang lahat ng ibang uri ng presensya, kundi dahil sa ito'y presensya sa kanyang pinakaganap na kahulugan, isang presensyang buo sa paraang si Kristo, ang Diyos-na-Tao'y buo at ganap na nanatili.

Daan ng Pamamahagi

Namahagi ng mga candies ang mga Terrace Boys bilang daluyan ng kabutihang loob ng mga Pto Rivas at tanda ng pagpapahalaga sa mga bata. Pasasalamat ang ipinaaabot ng grupo sa paniniwalang, "walang mahirap na gawain para sa Inang Simbahan.*

Kristong Hari

Ang huling Linggo ng taong liturhiko ay inilalaan ng Simbahan sa pagdiriwang ng Pista ng Kristong Hari. Ang dapat na ating ibalik sa pistang ito ay ang tunay na diwa ng pagka-hari ni Hesus. Ang kanyang pagka-hari ay inihayag niya sa harapan ng kanyang mga alagad nang hugasan niya ang kanilang mga paa at ihayag niya sa kanila:"Kung ako na inyong Panginoon ay naghugas ng inyong mga paa, gawin din ninyo ito sa isa't-isa.""Ang Anak ng Tao ay hindi pumarito upang paglingkuran kundi para maglingkod."

Magdamagang pagbabantay ay ating isinagawa at prusisyon sa katanghalian patungo sa tatlong kapilya ay puno ng sakripisyo at hirap sa katawan. Panlabas na gawain subalit ito nawa ay tumimo sa atin na ang paghahari ni Hesus ay nasa araw-araw ng ating buhay. Ang atin nawang parokya ay tunay na pagharian ng ating Panginoong Hesus. *

ADBIYENTO: PAGDATING

Ang salitang ito ay katumbas ng pagdating. Inaalaala natin sa panhong ito ang tatlong pagdating ni Hesus. Una, ang kanyang pagdating sa daigdig ng mga tao sa pagsilang. Ang ikalawang pagdating ay sacramental, sa pamamagitan ng tanda: ng tinapay at alak sa Misa, ng pari o Obispo sa mga sakramento, at ng kapwa yamang sinabi niya na:"Anumang gawin ninyo sa aking kapatid ay sa akin ninyo ginawa." Ang ikatlong pagdating ay ang kanyang pagbabalik sa wakes ng panahon. Sa ating pananampalataya alam natin na sa araw na iyon Siya ay darating sa kaluwalhatian at makikita natin ang katuparan ng kanyang paghahari na dinala niya sa lupa nang siya'y unang dumating bilang tao.

Umakyat tayo ng Mt Samat, nagsindi tayo ng kadilang kulay lila bilang sagisag ng ating paghahanda.Paano tayo naghihintay? Kahit tao lamang ang hinihintay tayo ay naghahanda. Nililinis ang bahay, naghihintay. Iyan din ang inaasahan sa atin: paglilinis ng puso, pagbabago, paghihintay. *

Parish Youth Ministry

Nanapatan sa bahay ng mga mahihirap upang ipaabot ang diwa ng Pasko. Awit at kaunting alay ay taglay upang diwa ng Pasko ay maipadama sa kabila ng hirap ng buhay. Kung nanaisin, ito ay kaya natin, kung udyok ng puso ay susundin natin. Halinang tumugon sa pangangailangan ng mga kapos sa buhay. *

PASKO

Kung sa Adbiyento inaalaala natin ang tatlong uri ng pagdating ng Anak ng Diyos sa atin, sa araw ng Pasko ipinagdiriwang natin ang tatlong pagsilang kay Hesus. Ang unang pagsilang ay ang kanyang pagmumula sa Ama bilang Salita at Karunungan ng Ama. Ang ikalawa ay ang pagsilang sa kanya bilang Tao sa Belen. Ang ikatlo ay ang pagsilang niya sa puso ng tao. Sumilang nawa si Hesus sa puso natin. *

MULA SA SINODO

ANG BUHAY-PANALANGIN

Mga Atas na Tuntunin:

l. Gawing bahagi ang KATURUAN tungkol sa Buhay-Panalangin ng lahat ng isinasagawang paghubog sa pananampalataya ditto sa Diyosesis ng Balanga.

2, Magkaroon ng Katolikong Bibliya ang bawat Katolikong pamilya, basahin ito bilang pangunahing aklat dasalan at gamitin ito na mahalagang sangkap ng pananalangin, personal man o pang sambayanan.

3. Pasimulan, Panumbalikin at Palaganapin ang mga pampamilyang panalangin.

4. Magkaroon ng Panuntunan para sa Pre Sacramental Catechesis ng mga pangunahing kasapi sa Pagdiriwang ng Binyag, Kumpil, Kasal, Unang Komunyon, Santakrusan, Flores de Mayo, Pabasa, Pagluklok Hari, Block Rosary, at iba apng pansambayanang Gawaing Pagpapakabanal upang maging ganap, mulat at aktibo ang kanilang pakikilahok sa Pagdiriwang ng mga Sakramento at Sakramental.

5.Bumuo ng higit na masigasig, magiliw at maalab na liturhiya na kinapapalooban ng mga popular na pang-relihiyong kaugalian at mga pagbabagong pangliturhiya na may kaugnayan sa pang araw araw na buhay, para sa mga natatanging pagdiriwang o para sa mga natatanging pangkat.

6. Iangat ang kamalayan ng mga Mannampalatayan na ang Araw ng Linggo ay hindi lamang araw ng Panginoon at Pagsamba kundi ito rin ay Araw ng Paglilingkod sa kapwa tao at higit sa lahat, Araw ng Pagtataguyod sa Pamilya. *

Mensahe:
Maligayang Pasko at Manigong Bagong Taon.

Fr. Lides S. Pomer